## Certificate in Biblical Studies
## CBS400 Ang Mga Hari

### CBS407 Mga Hari ng Israel
**Conrad Jun Tolosa**

Jeroboam I (931–910 BC). Si Jeroboam na dating opisyal ni Haring Solomon ang naging unang hari ng nahating kaharian nang mamatay si Haring Solomon. Siya ay naging masamang hari sapagkat nagtayo siya ng mga gintong guya sa Bethel at Dan para mahadlangan ang mga tao na magpunta sa Jerusalem para sumamba.

1. **Nadab** (910–909 BCE). Si Nadab ang umupong hari nang mamatay ang kanyang amang Hari Jeroboam. Sumunod siya sa idolatrous practice ng kanyang ama na masamang hari. Gumawa siya ng kasamaan sa mata ng Diyos. Maigsi lamang ang kanyang paghahari sapagkat pinatay siya ni Baasha.
2. **Baasha** (909–886 BCE). Ang commander ng army ni Haring Nadab na kanyang pinaslang at pagkatapos ay dineclara ang kanyang sarili bilang hari. Ipinagpatuloy lamang niya ang idol worship. Pinatay niya ang buong sambahayan ni Jeroboam. Sa kalaunan, ang kanyang angkan ay nalipol din nang paslangin ang kanyang anak na lalaki.
3. **Elah** (886–885 BCE). Ang anak ni Baasha na sumunod lamang sa yapak ng masamang pamumuno ng kanyang ama. Siya ay pinatay ni Zimri.
4. **Zimri** (885 BCE - 7 araw). Si Zimri ay ang commander ng army ni Haring Elah na kanyang pinaslang. Matapos niyang ideclara ang sarili bilang hari, pinaslang niya ang buong sambahayan ni Elah bilang kaganapan ng prophecy ni Jehu laban angkan ni Baasha. Pitong araw lang naghari si Zimri sapagkat siya ay nagpakamatay nang makita niyang natalo na ni Omri ang lungsod ng Tirza.
5. **Tibni (**885–880 BCE). Nagkaroon ng pagkahati ang mga tao sa kaharian ng Israel matapos mamatay ni Zimri. Ang kalahati ay sumusuporta kay Tibni at kalahati ay sumusuporta kay Omri na commander ng army. Nagkaroon ng civil war at natalo si Tibni at namatay. Makikita sa panahong ito ang patuloy na kaguluhan at pakikibaka sa kapangyarihan na naglalarawan sa mga unang taon ng kaharian ng hilagang Israel.
6. **Omri** (885–874 BCE). Si Omri ay mahalagang hari na kilala pagtatatag ng Samaria bilang kabisera ng Hilagang Kaharian ng Israel, na nanatiling kabisera sa buong kasaysaya ng kaharian. Ang hakbang na ito ay nagpapatibay sa posisyon ng kaharian sa pulitika at militar. Ipinagpatuloy niya ang mga idolatrous practices.
7. **Ahab** (874–853 BCE). Si Ahab ay anak ni Haring Omri na naghari sa Israel ng 22 years. Pinakasalan niya si Jezebel na anak ng hari ng Phoenicia. Ang kanilang pag-aasawa ay nagpatatag sa pakikipagalyansa nila sa Phoenicia. Subalit dahil kay Jezebel, naimpluwensiyahan ang Israel sa pagsamba sa mga Baal na naging dahilan upang lumayo ang mga Israelita sa pagsamba sa tunay na Diyos. Si Ahab ay namatay sa Battle ng Ramoth-Gilead.
8. **Ahaziah** (853–852 BCE). Si Ahaziah na anak ni Haring Ahab ang pumalit bilang hari ng Israel. Katulad ng kanyang ama, si Haring Ahaziah ay sumamba rin kay Baal. Siya ay namatay na walang anak.

9. **Jehoram ng Israel (Joram)** (852–841 BCE). Si Jehoram ay anak ni Haring Ahab. Patuloy na pinalaganap niya ang pagsamba sa Baal dahil sa impluwensya ng kanyang ina na si Jezebel. Siya ay pinaslang ni Jehu, na itinalaga ni Elisha upang dalhin ang paghatol sa angkan ni Ahab na naging dahilan upang magwakas ang dynasty nito.
10. **Jehu** (841–814 BCE). Si Jehu ay anak ni Jehoshaphat na sa pasimula ay naging mabuting hari sapagkat nilipol niya ang pagsamba kay Baal, pinatay ang mga pari ni Baal at winasak ang templo nito. Subalit hindi niya napanumbalik ang Israel sa pagsamba kay Yahweh sapagkat pinahintulutan pa rin niya ang pagsamba sa mga gintong guya na pinagawa ni Haring Jeroboam. Kilala si Jehu sa pagpapatupad ng hatol sa angkan ni Ahab at ng mga sumasamba sa Baal.
11. **Jehoahaz ng Israel** (814–798 BCE). Si Jehoahaz ay anak ni Jehu na sumunod sa mga masamang gawain ni Jeroboam na nag-udyok ng galit ng Diyos na humantong sa pagdanas ng Israel ng oppression mula sa Arameans. Sa kabila nito, hinanap ni Jehoahaz ang pabor ng Panginoon, at nabigay ang Diyos ng kaligtasan para sa Israel.
12. **Jehoash (Joash)** (798–782 BCE). Si Jehoash ay ang pumalit na hari na anak ni Jehoahaz. Sinundan niya ang mga idolatrous practices ni Jeroboam. Sa kabila nito, nabawi niya ang mga territories na nasakop ng mga Arameans at nagtagumpay sa pakikipagsagupaan sa kanila.
13. **Jeroboam II** (793–753 BCE). Si Jeroboam II ay anak ni Jehoash. Isa siya sa may pinakamahabang paghahari sa Northern Kingdom. Nagtagumpay siya sa kanyang mga military campaigns at nakaranas ng economic growth at prosperity ang Israel. Sa kabila ng kanyang mga tagumpay, ipinagpatuloy niya ang mga idolatrous practices ni Jeroboam.
14. **Zechariah** (753–752 BCE). Si Zechariah ay anak ni Jeroboam II na naghari sa loob ng anim na buwan lamang nang siya ay paslangin ni Shallum.
15. **Shallum** (752 BCE) Si Shallum ay anak ni Jabesh na naghari ng isang buwan lamang nang siya ay paslangin ni Menahem.
16. **Menahem** (752–742 BCE). Si Menahem ay anak ni Gadi. Siya ay kilala sa kalupitan at pang-aapi. Siya ay nagbayad ng malaking halaga sa Assyria upang mapanatili ang kapayapaan sa Israel.
17. **Pekahiah** (742–740 BCE). Si Pekahiah ay anak ni Menahem. Ipinagpatuloy niya ang masamang halimbawa ng pamumuno ng kanyang ama. Siya ay pinaslang ni Pekah, isa sa kanyang mga opisyal. Ang papalit-palit na pamumuno sa Israel ay nakadagdag sa patuloy na pagbagsak ng bansa lalo na sa kamay ng mga Assyrians.
18. **Pekah** (752–732 BCE). Si Pekah ay naghari sa sa Israel sa loob ng 20 years. Sa loob ng panahon na ito, mas tumindi ang political instability at conflict. Nakipag-alyansya siya kay Rezin ng Syria laban sa Judah upang masakop ang Jerusalem. Ito ay tinawag na Syro-Ephraimite War. Sa kalaunan, siya ay pinaslang ni Hoshea.
19. **Hoshea** (732–722 BCE) Si Hoshea ang naging huling hari ng Northern Kingdom matapos niyang paslangin si Pekah at dito nagwakas ang Jehu dynasty. Siya ay naging vassal ng Assyrian Empire sa ilalim ni King Shalmaneser V. Nagrebelde si Hoshea sa Assyria sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa sa Egypt. Dahil dito, sinakop ng Assyria ang Samaria na kabisera ng Israel. Si Hoshea ay nabihag kasama ang mga Israelita na ipinatapon sa Assyria.

Narito ang mga mahahalagang aral na maaaring matutunan mula sa buhay ng mga hari ng Israel:

1. **Pagsunod sa Diyos**:
   - **Jeroboam I**: Nagtayo ng mga gintong guya sa Bethel at Dan, na naging sanhi ng pagsamba sa mga diyus-diyosan at paglayo sa Diyos. Ang pagsunod sa Diyos at pagsamba sa Kanya lamang ang nagdadala ng pagpapala at tunay na pagsamba.

    - Jeroboam I: 1 Kings 12:25-33
2. **Masamang Impluwensya ng Diyus-diyosan**:
    - Halos lahat ng hari ng Israel, mula kay Jeroboam I hanggang kay Hoshea, ay sumamba sa mga diyus-diyosan, na nagdulot ng kapahamakan sa kanilang pamumuno at sa kanilang kaharian. Ipinapakita nito ang panganib ng pagsunod sa maling relihiyon at impluwensya.
    - Various kings of Israel: 1 Kings 15:25-34, 16:29-33, 2 Kings 17:7-23
3. **Pagpili ng Mabuting Tagapayo**:
    - Ang mga hari tulad nina Ahab, na impluwensiyado ng kanyang asawa na si Jezebel, ay nagpakita kung gaano kahalaga ang pagpili ng mabuting tagapayo at kapareha. Ang masamang impluwensya ng mga tao sa paligid ng hari ay maaaring magdala ng kapahamakan.
    - Ahab and Jezebel: 1 Kings 16:31-33, 21:25
4. **Kahinaan ng Pagtitiwala sa Sarili**:
    - **Zimri**: Pinatay si Elah at naghari ng pitong araw bago nagpakamatay nang maghimagsik ang hukbo laban sa kanya. Ang pag-asa sa sariling kapangyarihan at hindi sa Diyos ay nagdudulot ng kawalan ng katiwasayan.
    - Zimri: 1 Kings 16:8-20
5. **Pagpapahalaga sa Hustisya at Katuwiran**:
    - Maraming hari ng Israel ang hindi pinahalagahan ang hustisya at katuwiran, gaya ni Ahab na nagnakaw ng ubasan ni Naboth. Ipinapakita nito na ang kawalan ng hustisya ay nagdudulot ng galit ng Diyos at kapahamakan. Ang isang lider ay dapat maging makatarungan at tapat.
    - Ahab and Naboth's vineyard: 1 Kings 21
6. **Pagbabago at Pagsisisi**:
    - Bagaman hindi ito karaniwan sa mga hari ng Israel, ipinapakita ng kwento ni Jehu na may pagkakataon pa rin para sa pagbabago. Si Jehu ay ipinadala upang wasakin ang sambahayan ni Ahab at alisin ang pagsamba kay Baal, bagamat hindi niya tinanggal ang pagsamba sa gintong guya. Ipinapakita nito na ang tunay na pagsisisi ay dapat kumpleto at walang kompromiso.
    - Jehu: 2 Kings 9-10
7. **Panganib ng Kawalan ng Pagsunod**:
    - Ang halos tuluy-tuloy na hindi pagsunod ng mga hari ng Israel sa Diyos ay nagdulot ng tuluy-tuloy na kapahamakan at pagkawasak ng kanilang kaharian. Ang kawalan ng pagsunod sa Diyos ay nagdudulot ng pagkatalo at pagkakawatak-watak.
    - Disobedience of Israel's kings: 2 Kings 17:7-23
8. **Ang Epekto ng Masamang Pamumuno**:
    - Ang masamang pamumuno, tulad ng ginawa nina Jeroboam I, Ahab, at iba pa, ay nagdulot ng malawakang kasamaan at pagsamba sa mga diyus-diyosan sa buong Israel. Ang isang masamang lider ay nagdudulot ng kapahamakan hindi lamang sa kanyang sarili kundi pati na rin sa buong bayan.
    - Jeroboam I, Ahab, and others: 1 Kings 12:25-33, 16:29-33
9. **Pag-asa at Pagtitiwala sa Diyos**:
    - Sa kabila ng patuloy na kasamaan ng mga hari ng Israel, ipinakita ng Diyos ang Kanyang awa sa pamamagitan ng mga propetang tulad nina Elijah at Elisha, na nagpapaalala at nag-aanyaya sa mga hari at sa bayan na manumbalik sa Kanya. Ang pagtitiwala at pag-asa sa Diyos ay nagdadala ng pagkakataon para sa pagbabago at kaligtasan.
    - Prophets Elijah and Elisha: 1 Kings 17-19, 2 Kings 2-8

10. **Pagpapalakas ng Relihiyosong Pananampalataya**:
    - Ang mga reporma at pagpapanumbalik ng tamang pagsamba, kahit na bihira sa Israel, ay nagpakita ng kahalagahan ng relihiyosong pananampalataya at pagsunod sa mga utos ng Diyos. Ang mga lider ay dapat magsikap na palakasin ang pananampalataya ng kanilang nasasakupan.
    - Hezekiah: 2 Kings 18:1-7

Ang mga hari ng Israel, tulad ng mga hari ng Judah, ay nagkaroon ng iba't ibang antas ng kasamaan at hindi pagsunod sa Diyos, na nagdulot ng iba't ibang kapalaran sa kanilang kaharian.

Sa kabuuan, ang buhay ng mga hari ng Israel ay nagbibigay ng mga mahahalagang aral tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa Diyos, ang masamang epekto ng pagsamba sa diyus-diyosan, at ang kritikal na papel ng lider sa paghubog ng moralidad at pananampalataya ng kanyang bayan.

***Multiple Choice:***

1. Itinalaga niya ang kabisera ng Israel sa Samaria.
    a. Zimri
    b. Tibni
    c. Jehu
    d. Omri
    e. Wala sa mga nabanggit

2. 1 Kings 15:25-34; 16:29-33; 2 Kings 17:7-23. Alin sa mga statements ang hindi tugma sa iyong mga nabasa?
    a. Bagamat binalaan ni Yahweh ang mga hari patungkol sa pagtalikod sa kanilang masamang pamumuhay sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, hindi nila ito pinakinggan.
    b. Ginawa ni Baasha ang mabuti sa mata ng Diyos.
    c. Pinakasalan ni Ahab ang anak ng hari ng Sidon at siya ay sumamba sa mga Baal.
    d. Itinakwil ng Diyos ang lahat ng mga Israelita at pinabayaan sila sa malupit na kaaway.
    e. Lahat ay hindi tugma.

3. Ang mabuting hari ng Israel.
    a. Jehoshaphat
    b. Hezekiah
    c. Jehu
    d. Jotham
    e. Josiah
    f. Lahat ng nasa itaas.

4. Alin sa mga sumusunod ang hindi mababasa sa 2 Kings 9 at 10?
    a. Si Jezebel ay lalapain ng mga leon sa kaparangan ng Jezreel.
    b. Inutusan ni Propeta Elisha ang isa sa mga propeta upang buhusan ng langis sa ulo si Jehu at sabihin dito na siya ay pinili ni Yahweh upang maging hari ng Israel.

c. Si Joram at Ahaziah ay parehong namatay nang lusubin sila nila Jehu at ng kanyang mga kasamahan.
d. Ang pagkamatay nila Haring Joram at Ahaziah at Jezebel ay pawang mga katuparan ng mga sinabi ni Yahweh nang buhusan sa ulo ng langis si Jehu ng kabataang propeta.

5. Ang gintong guya ay inilagay sa Bethel at Dan upang hindi mahirapan ang mga taga-Israel sa pagpunta sa Jerusalem upang sumamba.
   a. True
   b. False

© Revised July 2024 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.